

MGA KINAKAILANGAN SA KALIGTASAN NG MANGGAGAWA PARA SA PAGLILINIS NG WILDFIRE



Pagpapalano at Pagsasanay

Bago simulan ang paglilinis pagkatapos ng sunog, demolisyon, o mga kaugnay na aktibidad, ang mga employer ay dapat magtatag ng isang epektibong plano upang makilala at mabawasan ang mga panganib sa lugar (Titulo 8 ng California Code of Regulations [T8CCR], mga seksyon [1509\(a\)](#), [1510\(c\)](#), [3203](#), [5192\(c\)](#)). Dapat sanayin ng mga employer ang mga manggagawa upang makilala at maiwasan ang pagkakalantad sa mga panganib na iyon (T8CCR [1509](#), [1514](#), [1521](#), [1528](#), [1529](#), [3203](#), [5192\(e\)](#)). Ang gawaing paglilinis pagkatapos ng sunog, kabilang ang pagtanggap ng abo at basura at paglilinis ng mga istrukturang nasira sa sunog, ay hindi itinuturing na serbisyo sa bahay, at ang mga empleyado na nagsasagawa ng gawaing ito ay sakop ng mga pamantayan sa kalusugan at kaligtasan ng Cal/OSHA. Para sa karagdagang impormasyon sa mga kinakailangan sa kaligtasan ng manggagawa ng Cal/OSHA habang naglilinis pagkatapos ng sunog, tingnan ang:

Kaligtasan at kalusugan ng site: <https://www.dir.ca.gov/dosh/wildfire/worker-health-and-safety-during-fire-cleanup.html>

Proteksyon sa paghinga: https://www.dir.ca.gov/dosh/fire_resp_protection.html

Personal Protective Equipment (PPE): <https://www.dir.ca.gov/dosh/wildfire/Protective-Equipment-During-Fire-Cleanup.html>

Mga Halimbawa ng Potensyal na Panganib

- Elektrisidad, mga bumagsak na linya ng kuryente, mga solar panel na maaaring patuloy na lumikha ng kuryente
- Mga hindi matatag na istruktura, bagay, hukay, at puno
- Insulasyon ng asbestos, mga tile, at siding
- Nakakalason na abo at alikabok, pestisidyo, mga panggatong, mga produktong kemikal
- Mga compressed gas cylinder, mga tangke ng gasolina sa ibabaw ng lupa at sa ilalim ng lupa
- Mga nakasarang espasyo na may mababang oxygen at nakalalasang atmospera
- Mga spore ng *Coccidioides* sa lupa (Valley Fever)
- Mabibigat na kagamitan at trapiko ng mga sasakyan
- Sakit sa init
- Carbon monoxide mula sa paggamit ng mga kagamitang pinapagana ng gasolina sa mga nakapaloob na espasyo



Proteksyon sa Paghinga

Dapat sumunod ang mga employer sa pamantayan sa proteksyon sa paghinga (T8CCR [5144](#)) at magbigay ng proteksyon sa paghinga na naaprubahan ng NIOSH sa mga manggagawa na pumapasok sa mga nasunog na lugar upang magsagawa ng paglilinis, pagtanggap, demolisyon, o mga kaugnay na aktibidad, tulad ng sumusunod:

- Magbigay ng mga elastomeric na air-purifying respirator (APRs) na may kasamang high-efficiency particulate air (HEPA) filter na pinagsama sa organic vapor (OV) at formaldehyde cartridge (T8CCR [5144](#)). Maaaring gumamit ng P100, N100, o R100 na filter bilang kapalit ng HEPA filter.
- Magbigay ng mga respirator na N95 sa mga manggagawa sa mga lugar kung saan nasunog lamang ang mga halaman o hindi ginagamot na kahoy, sa halip na isang elastomeric APR (T8CCR [5144](#)).
- Upang maiwasan ang mga pekeng produkto, mangyaring bisitahin ang [NIOSH Certified Equipment List \(https://www.cdc.gov/niosh/npptl/topics/respirators/cel/default.html\)](https://www.cdc.gov/niosh/npptl/topics/respirators/cel/default.html).

Personal na Kagamitang Pangkaligtasan (Personal Protective Equipment, PPE)

Bilang karagdagan sa proteksyon sa paghinga, dapat magbigay ang mga employer ng PPE na maayos na umaangkop sa bawat manggagawa, tulad ng sumusunod:

- Hardhat
- Proteksiyon sa mata
- Proteksyon sa pandinig
- Full-body Tyvek o kasing epektibong coveralls
- Proteksyon sa kamay
- Proteksyon sa paa at mga pantakip
- Mga chap at iba pang PPE para sa paggamit ng chainsaw
- Proteksyon laban sa pagkahulog kapag nagtatrabaho sa mga mataas na lugar.

Pahina 1 ng 2

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Cal/OSHA Call Center sa 833-579-0927, Lunes–Biyernes, mula 9 a.m.–7 p.m. Ang mga reklamo tungkol sa kaligtasan at panganib sa kalusugan sa lugar ng trabaho ay maaaring isumite nang kumpidensyal sa mga tanggapan ng distrito ng Cal/OSHA.

www.dir.ca.gov/dosh | www.dir.ca.gov/dosh/Worker-Health-and-Safety-in-Wildfire-Regions.html



MGA KINAKAILANGAN SA KALIGTASAN NG MANGGAGAWA PARA SA PAGLILINIS NG WILDFIRE



Mga Ligtas na Kasanayan sa Trabaho

Kinakailangang protektahan ng mga employer ang kaligtasan at kalusugan ng mga manggagawa sa mga lugar ng paglilinis sa pamamagitan ng pagpapatupad ng ligtas na kasanayan sa trabaho, kabilang ang ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

- Tiyakin na makumpleto ng mga manggagawa ang 40-oras na pagsasanay sa Hazardous Waste Operations at Emergency Response (HAZWOPER) bago pumasok sa site (T8CCR [5192](#)).
- Ipaalam sa mga kumpanya ng gas, kuryente, at iba pang underground utilities nang hindi bababa sa 48 oras bago pumasok sa site upang matiyak na ang lahat ng mga utility ay nakasara at maayos na namarkahan (T8CCR [1541\(b\)\(2\)](#)). Makipag-ugnayan sa DigSafe sa (811).
- Tiyaking ligtas na pasukan ang site bago simulan ang paglilinis, demolisyon, o mga kaugnay na aktibidad (T8CCR [1509](#), [1510](#) at [3203](#)).
- Ipatupad ang pagkakakilanlan ng site, delineation ng zone, dekontaminasyon ng manggagawa, at iba pang mga kinakailangan ng pamantayan ng HAZWOPER (T8CCR [5192](#)).
- Tiyakin na ang mga manggagawa ay maayos na gumagamit ng proteksyon sa paghinga at PPE (T8CCR [5192](#)).
- Magbigay ng madaling access sa fire extinguisher (T8CCR [1922\(a\)\(5\)](#)).
- Magbigay ng agarang pagkakaroon ng isang first-aid kit (T8CCR [1512](#) at [3400](#)). Tumawag kaagad sa 911 kung may malubhang pinsala o karamdaman.
- Magbigay ng madaling access sa isang self-contained na pang-emergency na eyewash station (T8CCR [5162](#)).
- Magbigay ng handang access sa isang sanitaryong palikuran (T8CCR [1526\(a\) at \(d\)](#)).
- Magbigay ng PPE at sumunod sa mga kinakailangan ng Cal/OSHA para sa paggamit ng mga chain saw (T8CCR [6283](#)).
- Magbigay para sa ligtas na paggamit ng mga hagdan at mga step-ladder (T8CCR [1675](#) at [3276](#)).
- Maglagay ng tubig nang madalas upang epektibong sugpuin ang alikabok mula sa abo, mga labi, at dumi (T8CCR [5141\(a\)](#) at [1532.3\(c\)\(2\)](#)).
- Tiyaking payagan lamang ang mga kwalipikadong manggagawa sa kuryente na gumana malapit sa mga linya ngkuryente at ibalik ang kuryente (T8CCR [2940](#)).
- Sanayin ang mga manggagawa na huwag kailanman ikonekta ang mga generator ng kuryente sa mga nakapirming kable (T8CCR [2320.9](#)).
- Tiyakin na ang mga manggagawa ay protektado mula sa mga panganib ng pag-iimpale (T8CCR [1712\(c\)](#)).
- Magbigay ng kontrol sa trapiko at mga flagger sa mga jobsite kung saan nagpapatokbo ng mabibigat na kagamitan (T8CCR [1598](#) at [1599](#)).
- Sanayin ang mga manggagawa at magbigay ng sapat na tubig, pahinga, at lilim upang maiwasan ang sakit sa init (T8CCR [3395](#)).
- Magbigay sa mga manggagawa ng mga pasilidad sa paghuhugas ng kamay para magamit bago magpahinga, kapag umalis sa lugar ng trabaho, at pagkatapos alisin ang PPE (T8CCR [1524\(a\)](#), [1527\(a\)](#), [5192\(k\)](#)).
- Tiyakin na sinusunod ng mga manggagawa ang mga pamamaraan ng dekontaminasyon at inaalis ang PPE bago ang mga pahinga at bago umuwi upang maiwasan ang pagkakalantad sa mga nakakalason na sangkap at kontaminasyon ng mga pribadong sasakyan at tirahan (T8CCR [5192](#)).
- Ang mga employer na kasangkot sa gawain sa puno sa panahon ng paglilinis ng wildfire ay dapat tiyakin na ang pagpuputol, pag-aayos, o pag-alis ng puno ay isinasagawa sa ilalim ng direksyon ng isang kwalipikadong manggagawa sa puno at alinsunod sa [mga regulasyon ng Cal/OSHA sa gawaing puno](#) (T8CCR [3420-3428](#)).

Cal/OSHA

Ang lahat ng Mga Regulasyon ng Cal/OSHA Title 8 na nakalista sa itaas ay makikita sa: <https://www.dir.ca.gov/samples/search/query.htm>

Ang mga employer na may mga tanong o nangangailangan ng tulong sa mga programa sa kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho ay maaaring tumawag sa [Cal/OSHA's Consultation Services Branch](#) sa 800-963-9424.

Ang mga manggagawa sa California ay protektado kahit ano pa man ang kanilang katayuan sa imigrasyon. Ang mga manggagawa na may mga katanungan tungkol sa kaligtasan at kalusugan sa lugar ng trabaho ay maaaring tumawag sa 833-579-0927 upang makipag-usap sa isang live na bilingual na kinatawan ng Cal/OSHA sa pagitan ng 9:00 a.m. at 7:00 p.m. Lunes hanggang Biyernes.

Ang mga reklamo tungkol sa mga panganib sa kaligtasan at kalusugan sa lugar ng trabaho ay maaaring isumite nang kumpidensyal sa [mga tanggapan ng distrito ng Cal/OSHA](#).

